

PANGKATANG PAGKATUTO NG WIKA

by:
Annalyn F. Bagtas

Hindi na mabilang ang mga nagsusulputang gawi upang makamit ang epektibong pagtuturo. Sa modernong panahon, hindi na uso ang diskusyon sa pagitan lamang ng guro at mag-aaral. Ang nauuso sa ngayon, ang collaborative learning kung saan ay nagtutulungan ang mga mag-aaral upang lahat ay makasabay sa aralin at maiangat ang antas ng kaalaman. Sa pamamagitan ng ganitong paraan ng pagtuturo, nagiging mas aktibo at masigla ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kasanayan sa wika. Paano nga ba mapauunlad ang pagkatuto sa asignaturang Filipino gamit ang moda na ito?

Una ay ang pagsasagawa ng mga pangkatang gawain kung sana ay maaari nilang matapos ang mga ito sa pagsusumikap ng bawat isa. Maaaring ito ay pagsusuri sa isang teksto, pagsasanay sa pagsulat, o pagsasanib-puwersa para sa isang proyekto. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga gawain na kinakailangan ang koordinasyon at kooperasyon, nagiging masigla ang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral. Isa din sa layunin ng ganitong gawain ay ang pagsabayin ang pagsasaya ng mga mag-aaral at pagkatuto. Sa mga gawain tulad ng sabayang pagbigkas ay matutuklasan ng mga estudyante ang kanilang koneksyon at kimika sa isa't isa. Hindi lamang nito sila tutulungang matuto ngunit mas pagtitibayin pa ang relasyon sa bawat isa (Galgo, 2014).

Ikalawa ay ang pagbabahagi ng kaalaman. Sa taktikang ito, hinahayaan ng isang guro na gamitin ng bawat mag-aaral ang pagkakataon na makapagbahagi ng kanyang nalalaman sa mga paksang tinatalakay. Hindi pare-pareho ang mga impormasyong alam ng bawat estudyante kaya ang ganitong paraan ng talakayan ay makatutulong upang

mabuksan ang mga debate kung sino ang may mas matibay na punto. May mga pagkakataon ding sa karanasan ng iba natututo ang mga kabataan at malaking bagay na ito ay nagmumula sa kanilang kaedad (Teachmint, 2022). Hindi mawawala ang interes ng mga mag-aaral sa mga aralin patungkol sa wika lalo na at marami ang nagnanais na magbahagi ng kani-kanilang ideya at kuro-kuro.

Ikatlo sa listahan ang paggamit ng online collaboration na mga gawain tulad ng mga virtual classrooms, online discussions, at collaborative platforms. Malaking bagay na bigyang-pansin ang kakayahan ng teknolohiya upang maiangat ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral habang nagkakaisa sa mga gawain. Magandang gamitin ang mga website na ang layunin ay gumawa ng mga palaro na nangangailangan ng team effort tulad ng collaborative quizzes at iba pa. dito ay mahuhubog ang pangkatang pagkatuto samantalang mas nagiging maalam din sa teknolohiya at paggamit ng internet.

Ang collaborative learning ay isang mabisang paraan upang mapabuti ang pag-aaral ng mahahalagang asignatura (Gaad, 2022) tulad ng wika. Ito ay nagbibigay diin sa kooperasyon, partisipasyon, at pagpapahalaga sa bawat isa. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng ganitong pamamaraan ng pag-aaral, mas nagiging masigla at mas produktibo ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa wika. Ang ganitong pag-aaral ay naghahanda sa kanila hindi lamang para sa akademikong tagumpay kundi pati na rin sa mas malawakang pagtanggap sa kanilang mga responsibilidad sa lipunan. Sa paggamit ng collaborative learning, hindi mangangamba ang mga guro na ang mga kabataang minolde nila ay madaling makikipagkaisa sa ibang tao sa kabila ng pagkakaiba-iba at magiging madali na lamang sa kanila ang pagbuo ng mga samahang may iisang mithiin.

References:

- Galgo, J. (2014). Kolaboratibong Pagkatuto Kaugnay sa akademiko at ugnayang sosyal ng mga mag-aaral. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.academia.edu/24832046/KOLABORATIBONG_PAGKATUTO_KAUGNAY_SA_AKADEMIKO_AT_UGNAYANG_SOSYAL_NG_MGA_MAG_AARAL
- Teachmint (2022). Bentahe ng Collaborative Learning. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa <https://blog.teachmint.com/intl/ph-fil/bentahe-ng-collaborative-learning/>
- Gaad, A. (2022). The Effects of Online Collaborative Learning (OCL) on Student Achievement and Engagement. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1372507.pdf>